



平等機會委員會
EQUAL OPPORTUNITIES COMMISSION

**Ang mga dapat mong malaman
bilang isang Ahente ng Real Estate,
Nagpapaupa, Nangungupahan, o
Mamimili ng Tirahan sa ilalim ng mga
Ordinansa ng Hong Kong laban sa
Diskriminasyon**



(Isinalin sa Tagalog)
(Translation in Tagalog)



Ang mga dapat mong malaman bilang isang Ahente ng Real Estate, Nagpapaupa, Nangungupahan, o Mamimili ng Tirahan sa ilalim ng mga Ordinansa ng Hong Kong laban sa Diskriminasyon

Ang mga ordinansa ng Hong Kong laban sa diskriminasyon – ang Ordinansa sa Diskriminasyon ng Kasarian (Sex Discrimination Ordinance o SDO), ang Ordinansa sa Diskriminasyon ng Kapansanan (Disability Discrimination Ordinance o DDO), ang Ordinansa sa Diskriminasyon ng Katayuan ng Pamilya (Family Status Discrimination Ordinance o FSDO), at ang Ordinansa sa Diskriminasyon sanhi ng Lahi (Race Discrimination Ordinance o RDO) – ay ipinagbabawal ang diskriminasyon laban sa isang tao sa batayan ng kasarian, katayuan sa kasal, pagdadalang-tao, kapansanan, katayuan ng pamilya¹, at lahi. Ang mga ordinansa na ito ay magagamit sa iba’t-ibang mga larangan, kasama ang pang-hanapbuhay; edukasyon; pagbibigay ng mga kalakal, serbisyo, o pasilidad; at paggiba o pangangasiwa ng mga lugar. Ang mga ahente ng real estate at nagpapaupa ay saklaw ng mga ordinansang ito.

¹ Ang ibig sabihin ng “Katayuan ng Pamilya” ay ang katayuan na may responsibilidad na alagaan ang malapit na miyembro ng pamilya



1. Bakit mahalagang maintindihan ang mga ordinansa laban sa diskriminasyon?

Mahalagang maintindihan ang mga ordinansa laban sa diskriminasyon dahil ang mga estate agent at nagpapaupa ay mananagot kung sila ay lalabag sa ordinansa laban sa diskriminasyon sa pagbibigay ng mga kalakal, pasilidad, at serbisyo o sa paggiba o pangangasiwa ng mga lugar. Sa pag-unawa at pag-sunod sa mga ordinansang ito, maiiwasan mong mag-aksaya ng panahon sa mga sumbong o demanda hinggil sa pagbibigay ng pantay na pagkakataon at mahihikayat ang mga maaayos na kaugalian sa pagnenegosyo na magbubunga ng magagandang mga pagkakataon sa negosyo. Bukod pa rito, sa pagtutupad nitong mga legal na tungkulin, makakatulong ka rin sa pagtataguyod ng isang magkasundong lipunan sa Hong Kong.

Bilang isang nangungupahan o mamimili ng tirahan, mahalaga na maintindihan ang mga karapatan mo sa ilalim ng mga ordinansa laban sa diskriminasyon at ang mga paraan para mabigyan ng lunas kapag ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon sa kahit na anumang pinagbabawal na mga batayan.

2. Kailan nangyayari ang diskriminasyon?

Nagaganap ang diskriminasyon kung ang pagtrato sa isang tao ay hindi napaburan ng katulad sa iba dahil sa isa sa mga pinagbabawal na mga batayan na nabanggit sa itaas, o kung ang parehong rekisito ay para sa lahat ngunit lumalabas na may pinapanigan sa pagsunod nito. Maaaring magkaroon ng diskriminasyon sa tulad ng mga sumusunod na pangyayari:

- Kapag ang nagpapaupa ay tumanggi na paupahan ang kanyang tirahan o ang isang estate agent ay tumanggi na magbigay ng serbisyo sa isang may balak mangupahan dahil sa siya ay mula sa isang lahi o may kapansanan;
- Kapag ang nagpapaupa ay tumanggi na paupahan ang kanyang tirahan o ang isang estate agent ay tumanggi na pagsilbihan ang isang may balak mangupahan dahil sa lahi o kapansanan ng kanyang malapit na kamag-anak;
- Kapag ang nagpapaupa ay hinihingi ang halaga ng binayarang buwis ng may balak mangupahan o isang garantiya galing sa pinagtatrabahuhan ng mangungupahan, na hindi naman pangkaraniwang kinakailangan, dahil sa kanyang lahi o katayuan ng pamilya;
- Kapag ang nagpapaupa ay pinaalis ang nangungupahan dahil sa anumang pinagbabawal na batayan sa ilalim ng mga ordinansa laban sa diskriminasyon, sa madaling salita, ang kasarian, katayuan sa kasal, pagdadalang-tao, katayuan ng pamilya, kapansanan at lahi.



3. Panliligalig

Labag sa batas para sa nagpapaupa na manliligalig ng sekswal sa nangungupahan, may balak mangupahan, o mga ahente ng real estate, o na manliligalig sa kanila dahil sa kanilang lahi o kapansanan. Sa karagdagan, labag sa batas para sa estate agent na manliligalig ng sekswal sa mga nagpapaupa, nangungupahan, may balak mangupahan, o sa mga kinatawan nila, o na manliligalig sa kanila dahil sa kanilang lahi o kapansanan.

4. Pambibiktima

Labag sa batas na biktimahin² ang taong gumawa o tumulong sa ibang tao na magreklamo sa ilalim ng apat na ordinansa laban sa diskriminasyon, o may balak na gumawa o tumulong sa iba na magsampa ng reklamo. Bukod pa rito, labag sa batas na biktimahin ang sinumang naging saksi sa isang reklamo tungkol sa diskriminasyon.


5. Mayroon bang kataliwasan?

- Kapag ang nagpapaupa ay nakatira sa pinapaupahang lugar at kung ang nagpapaupa ay hindi dumaan sa isang estate agent o nagpa-anunsiyo para dito, siya ay maaaring magpasiya kung kanino niya papaupahan ang lugar.
- Kapag ang nagpapaupa o ang kanyang malapit na kamag-anak³ ay naninirahan sa inuupahang lugar at may kasama sa tinutuluyan na hindi kasapi sa sambahayan ng nagpapaupa o malapit na kamag-anak at ang lugar ay tinuturing na “maliit na lugar”, ang nagpapaupa ay maaaring magpasiya kung kanino niya papaupahan ang lugar.⁴

2 Ang ibig sabihin ng pambibiktima sa isang tao ay ang pagtrato ng mababa sa isang tao dahil sa kanyang paninindigan sa karapatan na protektado ng apat na mga ordinansa laban sa diskriminasyon.

3 Ang malapit na kamag-anak, kaugnay sa isang tao, ay ang kanyang asawa; magulang niya o ng kanyang asawa; anak niya (kabilang ang mga anak na ipinanganak labas sa kasal, ampon at mga anak sa una ng kanyang asawa) o asawa ng nasabing anak; kanyang kapatid na lalake o babae (kapatid sa labas o hindi) o kapatid na lalake o babae ng kanyang asawa o asawa ng kanyang kapatid na lalake o babae (bayaw o hipag); lolo at lola niya o ng kanyang asawa; o apo niya o asawa ng nasabing apo.

4 Ang mga lugar ay ituturing bilang maliit na lugar o maliit na tirahan kapag isinali ang sambahayan ng nagpapaupa, walang tirahan para sa higit sa 2 pang pamilya o 6 na tao. Para sa karagdagan paglilinaw tungkol sa maliit na tirahan, mangyaring makipag-ugnayan sa EOC sa Hotline na 2511 8211.



6. **Ano ang mga karapatan ng isang nangungupahan o isang may balak na bumili/mangupahan?**

Bilang isang may balak na bumili o mangupahan, ikaw ay may karapatang makatanggap ng serbisyong pantay ang mga tuntunin, pamamaraan, at kalidad mula sa mga estate agent anuman ang iyong kasarian, katayuan sa kasal, pagdadalang-tao, kapansanan, katayuan ng pamilya, o lahi. Halimbawa, ang isang estate agent na tumanggi sa iyong kahilingan para sa isang serbisyo, humingi sa iyo ng mas mataas na komisyon, magbibigay ng mas mataas na presyo o hindi maghahanap ng paupahang bahay sanhi ng alinman sa mga nasabing batayan ay lumalabag sa ordinansa laban sa diskriminasyon ng Hong Kong.

Bilang isang nangungupahan, ikaw ay mayroon ding karapatan na magamit ang lahat ng mga pasilidad sa gusali tulad ng ibang mga nangungupahan anuman ang iyong kasarian, katayuan sa kasal, pagdadalang-tao, kapansanan, katayuan ng pamilya o lahi.

7. **Maaari bang gumawa ng pagbabago sa bahay na inuupahan ang isang taong may kapansanan?**

Ang isang nangungupahan na may kapansanan ay maaaring gumawa ng mga makatwirang pagbabago sa lugar na kanyang tinitirhan kung:

- Ito ay kanyang babayaran;
- Ang sasakupan ng mga pagbabago ay hindi aabot sa mga lugar na tinitirahan ng ibang tao;
- Ang nangungupahan ay pumapayag na ibalik sa dating kondisyon ang mga bagay na binago sa katapusan ng kasunduan ng paupahan at makatwirang maisasagawa ang pagbalik sa dating anyo nito;
- Ang nangungupahan ay maasahang tuparin ang kasunduan na ibalik sa dating kondisyon ang tirahan.

Para maiwasan ang pagdududa, ang mga nagpapaupa ay pinapaalalahanan na sila rin ay kinakailangang tumupad sa kanilang mga obligasyon sa ilalim ng Ordinansa para sa mga Gusali (Buildings Ordinance) at ang kinakailangang walang- hadlang (barrier-free) na rekisito sa ilalim ng Buildings (Planning) Regulations.



8. **Ano ang maaaring gawin ng isang may balak mangupahan o bumili kung sa tingin niya siya ay nakaranas ng diskriminasyon, niligalig, o nabiktima ng isang ahente ng real estate?**

Kung sa tingin mo ay ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon mula sa estate agent dahil sa iyong kasarian, katayuan sa kasal, pagdadalang-tao, kapansanan, katayuan ng pamilya, o lahi, maaari mong isangguni ang isyung ito sa tagapamahala ng ahensiya ng real estate. Ang isang mabuting ahensiya ng real estate ay dapat na tumugon sa iyong reklamo at pagsikapan na lutasin sa pagitan ninyo.

Maaari ka ring magsampa ng reklamo sa Equal Opportunities Commission (EOC). Mayroong rekisito ang batas na ang mga reklamo ay ihain ng nakasulat at kailangang maisampa sa EOC sa loob ng 12 buwan mula ng maganap ang insidente. Maaari mong ipadala ang iyong reklamo sa pamamagitan ng koreo, fax, electronic mail, online o di kaya ay personal na isumite sa tanggapan. Kung ikaw ay nahihirapan na makipag-ugnayan dahil sa iyong wika, and EOC ay maaari din na magbigay ng interpreter kapag hiniling.


Dagdag pa dito, ikaw ay maaaring magpasimula ng legal na pagdinig ng reklamo sa loob ng 24 na buwan sa ilalim ng ordinansa laban sa diskriminasyon sa District Court.

9. **Sino ang mananagot sa gawaing labag sa batas?**

Ang Nagpapaupa/Ahente ng Real Estate

Ang nagpapaupa at ahente ng real estate ay personal na mananagot sa kanilang sariling gawa kung lalabag sila sa mga ordinansa laban sa diskriminasyon.

Ang nagpapaupa ay maaaring managot sa mga gawaing diskriminasyon na kanyang iniutos sa isang estate agent na parang siya rin mismo ang gumawa ng mga ito. Kung kaya, mainam na sabihin sa iyong estate agent na huwag gumawa ng diskriminasyon habang nagpapalano ng serbisyo para sa iyo. Ang isang estate agent ay mananagot din kapag siya ay tumulong sa nagpapaupa sa mga gawaing diskriminasyon kahit na siya ay nagsasakatuparan lamang ng mga utos ng nagpapaupa. Gayunman, ang estate agent ay hindi mananagot kung mapatunayan niyang nagtiwala siya sa pahayag ng nagpapaupa na ang nasabing gawaing diskriminasyon ay hindi labag sa batas at naging makatuwiran para sa estate agent na magtiwala sa pahayag na ito.



Ang Ahensiya ng Real Estate

Ang ahensiya ng real estate ay maaaring sabay na mananagot sa mga gawaing diskriminasyon o panliligalig na labag sa batas ng kanyang mga empleyado maliban kung maipakita ng ahensiya na gumawa ito ng mga makatuwirang hakbang upang pigilan ang mga empleyado sa paggawa nito.

10. Ano ang mangyayari kapag nagsampa ng kaso ng diskriminasyon o panliligalig sa EOC?

Gagawa ng imbestigasyon ang EOC ukol sa reklamo at magtatangkang mapadali ang pag-aareglo sa pamamagitan ng isang kasunduan. Kapag walang kasunduan na naganap, ang nagreklamo ay maaaring mag-aplay ng iba pang uri ng tulong, kabilang na ang tulong na legal (legal assistance), mula sa EOC.

11. Anong uri ng areglo ang maaari kong makamit sa pamamagitan ng kasunduan?

Ang kasunduan, na napag-usapan at napag-ayunan ng mga partido, ay maaaring kabilang ang:

- Paghingi ng tawad;
- Isang kasunduan na magbigay o magsagawa ng panibagong kasaunduan ng paupahan;
- Pinansiyal na kabayaran;
- Pangako na baguhin ang patakaran o pamamaraan ng isang organisasyon

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng mga ordinansa laban sa diskriminasyon ng Hong Kong at mga pamamaraan sa paghawak ng kaso ng EOC, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Equal Opportunities Commission
16/F., 41 Heung Yip Road,
Wong Chuk Hang, Hong Kong

Hotline : 2511 8211
Email : eoc@eoc.org.hk
Website : <http://www.eoc.org.hk>

Mga oras na bukas ang tanggapan:

Lunes hanggang Biyernes mula 8:45 n.u. hanggang 5:45 n.h.



平等機會委員會
EQUAL OPPORTUNITIES COMMISSION

地址 Address : 香港黃竹坑香葉道41號16樓
16/F., 41 Heung Yip Road,
Wong Chuk Hang, Hong Kong

電話 Tel : (852) 2511 8211

傳真 Fax : (852) 2511 8142

網頁 Website : <http://www.eoc.org.hk>